LIGHT READING

customer newsletter

Nobyembre / Disyembre 2008

Ang matinding taglamig ay maaaring mangyari anumang oras dito sa Pacific Northwest. Ang mga manggagawa ng City Light ay handang magbalik ng kuryente sa lalong madaling panahon ngunit minsan ay maaaring umabot ng ilang araw. Hinihikayat namin kayong maging handa para sa kawalan ng kuryente. Ito ang mga simpleng tips:

- Maghanda ng emergency kit na may kasamang di-bateryang radyo, flashlight, mga bagong baterya, posporo, at kumot. Huwag gumamit ng kandila o ano mang bukas na apoy.
  - Gamitin ang mga ihawan at generator sa labas malayo sa bukas na mga bintana at mga vents upang maiwasan ang pagkalason sanhi ng carbon monoxide.
  - Ang mga tagatangkilik na gumagamit ng life-sustaining equipment ay kinakailangang magkaroon ng emergency power back-up at tumawag sa City Light sa telepono **(206) 684-3020** upang mailagay sa listahan ng pang medikal na alerto.
- Kung ikaw ay mawawalan ng kuryente, alamin kung ito talaga ay nawalang kuryente. I-check ang mga circuit breaker para sa pumutok na fuse o bukas na breaker. Hanapin rin ang sira na konektado sa iyong bahay. Tingnan ang iyong mga kapitbahay kung sila rin ay walang kuryente.
- Para sa impormasyon ukol sa pangkasalukuyang kawalan ng kuryente, tumawag sa telepono **(206) 684-7400**. Isumbong ang kawalan ng kuryente sa linyang ito kung ito ay hindi nabanggit sa recording.
- Kung walang pang-painit, magsuot ng patong-patong na maluwang, magaan at mainit na pananamit.
- Panatilihing nakasara ang mga refrigerator at mga freezer kung di ito kinakailangang buksan. Itapon ang madaling masirang pagkain matapos ang apat na oras na walang kuryente.
- Palaging isiping ang bumagsak na linya ng kuryente ay aktibo at delikado. Huwag lumapit dito at tumawag kaagad sa telepono **(206) 684-3000**, o **(206) 706-0051** pagkatapos ng oras ng trabaho upang isumbong ang problemang ito.
- Magtabi ng di madaling masirang pagkain at tubig na tatagal ng tatlong araw para sa bawa't kasama sa bahay pati alagang hayop.

- Sa panahon ng bagyo, makinig sa pinakabagong impormasyon at gabay sa mga lokal na istasyon ng radyo.
- Para sa iba pang impormasyon sa pagiging handa sa emerhensiya, magtungo sa www.seattle.gov/emergency o tumawag sa telepono **(206) 233-7123**. Kung ikaw ay interesado sa video ng paghahanda na maaaring makuha sa iba't –ibang salita maaari rin itong makita sa website na ito.

Mga Kontak para sa pagbabayad ng singil at tulong



Pinag-sang ayunang Pagbabayad at impormayson:(206) 684-3000.
TTY May kapansanan, pipi at bingi: (206) 233-7241.
Tumawag kaagad kung may makitang mali sa singil o kung ikaw ay di makakabayad sa takdang panahon.Ang tagapagsalin ng salita ay maaaring ibigay sa mga tagatangkilik na nangangailangan nito.

Ang mga sumusunod na opsyon ng pagbabayad ay libre.

Para sa impormasyon at aplikasyon online, magtungo sa www.seattle.gov/light/accounts.

Automatikong Pagbabayad ng Singil: **(206) 733-9100**. Ang iyong bayad ay automatikong ibabawas sa iyong checking account sa takdang oras.
Budget Billing Plan: **(206) 684-3345**. Maaari kang sumali sa Budget Billing kung ang iyong utang ay di hihigit sa $100 sa iyong bahay o account sa maliit na serbisyong pangkalahatan. Buwanang pagbabayad ay base sa iyong singil sa kuryente sa nakaraang taong singil na hahatiin sa 12. Ang bayad na ito ay taunang kakalkulahin.
E-Payment: **1-866-350-7637** o www.seattle.gov/light/accounts/onlinepayment.asp . Bayaran ang iyong singil gamit ang Visa o Mastercard credit o debit cards online, o sa telepono. Ang E-checks maaari ring tanggapin.

LIGHT READING

customer newsletter

Opsyon ng Tulong sa Pagbabayad:

Maaari lamang magtanong ukol sa mga gabay sa buwanang kita.
Diskwentong rates **(206) 684-0268**: 50 porsyentong diskwento para sa tagatangkilik na maaaring mabigyan batay sa buwanang kita.
Tulong Pang-emerhensiya para sa may Mababang Buwanang Kita **(206) 684-3000**: Tulong na iginagawad isang beses sa loob ng isang taon.
Tulong Pang-federal para sa Pagpapainit ng Tahanan **(206) 684-3000**: Federal na pondo na iginagawad sa mga tagatangkilik na mauunang lalapit o mangangailangan nito mula Nobyembre hanggang Hunyo.
Proyektong Kabahagi **(206) 684-3000**: Tulong pang-emerhensiya para sa mga tagatangkilik na papasang walang sapat na kita na humaharap sa temporaryong krisis pang-pinansyal at nakatanggap ng babalang mapuputulan ng kuryente mula sa City Light.

Tungkol sa compact fluorescent light bulbs

Ang compact fluorescent light bulbs (CFLs) ngayon ay maaaring mabili sa iba't ibang kulay, wattages at istilo kasama na ang bumbilyang maaaring gawing mas madilim, recessed cans, vanity lights at mga chandelier.

- Maaari kang makabili ng mataaas na kalidad na ENERGY STAR® CFLs sa **Twist & Save discount prices**. Para sa listahan ng mga tindahan na nagbibigay ng diskwento, tumawag sa telepono **(206) 684-3800** o magtungo sa www.seattle.gov/twistandsave . Mahigit sa 1 milyong CFL ay nabenta ngayong taon at ang natipid na enerhiya ay maaaring maghatid ng kuryente sa 42,000 tahanan sa Seattle sa loob ng isang taon.
- Sanhi ng bakas ng mercury content, ang CFLs ay di maaaring itapon sa basurahan o kunin ng mga Istasyon ng King County Transfer . Maaaring gamitin i-recycle ang CFLs ng **libre** sa:
    - Tindahan ng Bartell Drugs.
    - Home Depot, sa tapos ng taon. Tumawag kaagad upang masigurado ang libreng Pag - recycle.
    - Ang City Light service centers, mula Lunes – Biyernes mula 8 ng umaga hanggang 5ng hapon:
      Hilagang Service Center: **1300 N. 97th St., (206) 615-0600**
      Timog Service Center: **3613 4th Ave. S. (4th & S. Spokane St.), (206) 386-1689**

Ang mahabang bumbilya ay di tinatanggap sa itaas na lokasyon. Tumawag sa telepono **(206) 684-3800** o bisitahin ang www.takeitbacknetwork.org para sa kumpletong listahan ng opsyon sa pag-recycle.

Ano ang iyong hinaharap sa enerhiya?

Nais ng Seattle City Light na ipaaalam sa iyo ang plano ukol sa pagpapababa ng halaga ng kuryente, responsibilidad sa kapaligiran at maaasahang enerhiya, ngayon at sa hinaharap.
Kami ay magsasagawa ng dalawang pang-komunidad na pagpupulong ngayong taon upang pag-usapan ang plano at ano ang halaga nito sa iyo. Maaari mong makuha ang iskedyul ng pagpupulong at tingnan ang plano sa www.seattle.gov/light/strategy. Ang mga tagapagsalin ng salita ay maaaring ibigay sa mga tagatangkilik na nangangailangan nito. Maaari lamang hilingin ito sa loob ng limang araw ng trabaho bago ang pagpupulong.Kung may mga katanungan, o nais kaming makausap o makipag-usap sa inyong grupo, sulatan kami sa email mike.eagan@seattle.gov o tumawag sa telepono **(206) 615-1691.**

Seattle City Light, 700 Fifth Avenue, Suite 3200, PO Box 34023, Seattle WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
Ang babasahing ito ay maaaring makuha sa ibang format. Tumawag sa telepono (206) 684-3000.

Editor: Marilyn Mar
(206) 684-3794
Marilyn.mar@seattle.gov